Mayor Joy bibigyan ng trabaho ang mga vendors na apektado ng 'clearing ops'

Nakahandang bigyan ng trabaho ni QC Mayor Joy Belmonte ang mga vendor na apektado ng ginagawang clearing operation sa lungsod.

Tiniyak ni Belmonte na hindi niya pababayaan na mawalan ng trabaho ang mga vendor na apektado ng operasyon lalo pa't ito ang kanilang ikinabubuhay.

Anya, sasagutin ng QC government pansamantala ang upa ng mga palengke na upang hindi mawalan ng trabaho ang mga vendor na apektado sa kanilang gagawing paglilinis.

Habang hindi pa makarekober ng mga vendor ay ang pamahalaang lungsod muna pansamantala ang sasagot sa upa pero kapag nakaahon na ang mga ito ay sila na ang magpapatuloy ng bayad ng upa sa kanilang puwesto.

Ayon kay Belmonte kung ang mga apektadong vendor ay bihasa sa construction works ay maari niya itong irekomendang trabahador sa MRT-7 na ginagawa sa lungsod. ***-Angie dela Cruz-***